

Talahulugan ng mga Salitang Pangmedikal para sa **Pagpapayabong ng Pagbabakuna At Bakuna**

**Sumusuporta sa komunikasyon para
sa programa ng pagbabakuna laban sa
COVID-19**

**Glossary of Medical Terminology for
Immunisation and Vaccine development**

Produced by Health and Social Policy Branch NSW Ministry
of Health, NSW Multicultural Health Communication Service,
NSW Refugee Health Service and School of Population Health,
University of New South Wales



UNSW
SYDNEY

Pansuporta sa komunikasyon para sa programa ng pagbabakuna laban sa COVID-19

Ang talahulugang ito ay ginawa upang makatulong sa mga samahan sa komunidad, tagasaling-wika at taga-interpretar, mga manggagawa na may dalawang wika, at mga pinuno ng komunidad upang lalo nilang maintindihan at maipabatid ang tungkol sa pagsulong at pagsasagawa ng bakuna.

Pagtatatwa

Ang talahulugang ito ay naglalayong makapagbigay sa simpleng wika ng mga kahulugan sa mga kumplikadong termino ng medisina tungkol sa pagbabakuna at pagpapayabong ng bakuna. Ang impormasyon ay gagamitin lamang bilang isang sangguniang kagamitan.

Kung gusto ninyong magbigay ng puna o magdagdag ng bagong salita o termino sa listahan, mangyari pong tumawag kay Associate Professor Holly Seale sa h.seale@unsw.edu.au o +61 (02) 9385 3129.

Mga Pagkikilala

Itong mapagkukunan ay ginawa ng:

- Associate Professor Holly Seale, School of Population Health, University of New South Wales
- Lisa Woodland, Director, NSW Multicultural Health Communication Service
- Dr Kylie Quinn, School of Health and Biomedical Sciences; RMIT University
- Dr Sabira Shrestha, National Centre for Immunisation Research and Surveillance (NCIRS)
- Vicky Jacobson, Coordinator, Refugee Health Network Queensland
- Dr Carissa Bonner, The School of Public Health, University of Sydney

Natatanging pagpapasalamat:

Nagpapasalamat kami sa mga sumusunod sa pagrerepaso sa talahulugan na ito

- Associate Professor Christopher Blyth, Wesfarmers Centre of Vaccines and Infectious Diseases, Telethon Kids Institute.
- Dr Nadia Chaves
- Benine Muriithi, Patricia Argüello de Avila and Mariam Elliott, Refugee Health Network Queensland
- Fartih Karakas and Ismail Akinci, All Graduates
- Dr Jan Fizzell, Senior Medical Advisor, Public Health Response Branch, NSW Health

Maraming Salamat sa

Ang Health Literacy Lab para sa pagsusuri ng talahulugan sa pamamagitan ng paggamit ng kanilang online real-time editor (Ayre, J., et al. (2021). *Sydney Health Literacy Lab (SHLL) Health Literacy Editor*).

Makukuha sa <https://hdl.handle.net/2123/24642>

Mga Nilalaman

A 4

M 16

B 6

N 17

C 7

O 18

D 9

P 19

E 10

R 21

G 11

S 22

H 12

T 23

I 13

V 24

L 15

W 26



A

Adverse event (reaction)

Any unexpected or serious effect that happens after a vaccine or medicine. Something that was not expected to happen.

Masamang nangyari (reaksyon)

Anumang hindi inaasahan o seryosong epekto na nangyari pagkatapos ng isang ineksyon o gamot. Isang hindi inaasahan na nangyari.

Adverse event following immunisation (AEFIs)

An unexpected effect that happens after vaccination. The vaccine may have not been the reason for the problem.

Masamang nangyari pagkatapos ng pagbakuna (AEFIs)

Isang hindi inaasahang epekto na nangyari pagkatapos mabakunahan. Ang bakuna ay maaaring hindi dahilan ng problema.

Advisory Committee on Vaccines (ACV)

A group of experts that gives medical and scientific advice. The group talks to the Australian Government's Minister for Health and the Therapeutic Goods Administration (TGA). They give advice on issues about vaccine safety and use.

Komite ng Pagkokonsultahan tungkol sa mga Pagbabakuna (ACV)

Isang pangkat ng mga eksperto na nagbibigay ng payong pangmedikal at pangsiyentipiko. Ang pangkat ay nakikipag- talastasan sa Ministro ng Kalusugan at sa Therapeutic Goods Administration (TGA) ng Pamahalaang Australya. Sila ay nagbibigay ng payo sa mga usapan tungkol sa kaligtasan at paggamit ng bakuna.

Allergy

An immune response to a foreign material that is harmless to most people. The foreign material could be food, medicine or a part of a vaccine.

Allergy

Isang panangga sa sakit sa isang banyagang sangkap na hindi nakapipinsala sa karamihang tao. Ang banyagang sangkap ay maaaring pagkain, gamot o bahagi ng isang bakuna.

Antibody

When the body gets sick or gets a vaccine, the body will make antibodies to protect it against that disease. The body can then recognise the germs when that same disease happens again.

Anti-body

Kung ang katawan ay magkakasakit o mabakunahan, ang katawan ay gagawa ng antibodies upang maprotektahan ito laban sa sakit na iyan. Kaya ang katawan ay nakakakilala na sa mga mikrobyo kapag ang kaparehong sakit at mangyayari ulit.

Antigen

A foreign (external) substance like bacteria, viruses, or fungi that cause infection and disease if they get inside the body. The immune system detects them and produces antibodies to fight them.

Antigen

Isang dayuhan (nasa labas) na sangkap katulad ng mga bakterya, mikrobyo o halamang-singaw na sanhi ng impeksyon at sakit kung makapasok sila sa loob ng katawan. Ang sistemang katawan para di-tinatablan ng sakit ay matitiktikan sila kaya makapaghahanda ng mga anti-bodies para malaban sila.



A *Cont'd*

Adjuvant

An adjuvant is an ingredient used in some vaccines. It helps our bodies make a stronger immune response. The adjuvant works together with other parts of the vaccine. They have been used in some vaccines for over 70 years.

Adjuvant

Ang adjuvant ay isang sangkap sa paggawa ng mga bakuna. Ito ay nakakatulong sa ating katawan na gumawa ng mas malakas na panangga sa sakit. Ang adjuvant ay kasama ng ibang mga sangkap ng bakuna. Sila ay ginagamit na sa bakuna ng mahigit sa 70 taon.

Anaphylaxis

A quick and serious allergic reaction. This could be a reaction to food or medicine. Symptoms can include breathing difficulties, loss of consciousness and a drop in blood pressure. The person will need urgent medical attention and can sometimes die.

Talamak na reaksiyon sa alerdyi

Isang biglaan at talamak na reaksiyon sa alerdyi. Maaari itong reaksiyon sa pagkain o gamot. Kasama sa mga sintomas ang kahirapan sa paghinga, pagkawalang malay at pagbaba sa presyon ng dugo. Kailangan ng tao ang kagyat na pagkaasikasong medikal at minsan ay nakamamatay.

Association

A link between one event taking place at the same time as another event. The fact that they are happening together does not prove that one event caused the other event.

Association

Isang ugnayan sa pagitan ng dalawang pangyayari sa kaparehong oras. Dahil sa nangyari silang dalawa sa magkaparehong oras ay hindi ibig sabihin na ang isang pangyayari ang sanhi ng isa pang nangyari.

Asymptomatic

Someone with no sign of infection.

Walang sintomas

Isang tao na walang palatandaan ng pagka-impeksyon.

Attenuated vaccine

Live vaccines use a less strong (or attenuated) form of the germ that causes a disease. These vaccines are like the natural infection that they help prevent. They create a strong and long-lasting immune response.

Pinahinang bakuna

Ang bakuna ay gumagamit ng mas mahina (attenuated) na porma ng mikrobyo na sanhi ng pagkakasakit. Ang mga bakunang ito ay katulad ng mga natural na impeksyon na tinutulungan nilang labanan. Sila ay gumagawa ng matatag at magtatagal na may kabal laban sa sakit.

Australian Technical Advisory Group on Immunisation (ATAGI)

A group of experts that helps the Government to make decisions on the use of vaccines in Australia.

Ang Australian Technical Advisory Group on Immunisation (ATAGI)

Isang grupo ng mga eksperto na tumutulong sa Pamahalaan na magdesisyon sa paggamit ng mga bakuna sa Australya.

Australian Immunisation Register

An electronic register that contains information on all vaccines given to all Australians.

Talaan ng Australyanong Imyunisasyon

Isang elektronikong talaan na naglalaman ng impormasyon tungkol sa lahat ng mga bakunang ibinigay sa lahat ng mga Australyano.



B

Batch assessment

A process of checking that the vaccines used in Australia are of high quality. The Therapeutic Goods Administration will do these checks.

Pagtatasa ng pangkat

Isang proseso ng pagtatasa para ang mga bakuna na ginagamit sa Australya ay mataas na kalidad. Ang Administrasyon ng Mga Panindang Panterapeutika (Therapeutic Goods Administration) ang siyang tatasa sa mga ito.

Boost (Booster injection)

An additional vaccine after the first one, given to either build up better immunity or to make sure the immunity lasts longer.

Tagasunod (Tagasunod sa Pagbabakuna)

Isang dagdag na bakuna pagkatapos ng una, ay ibinibigay upang siguraduhin na mas mabuti o mas matagal ang kaligtasan sa sakit.

Breakthrough infection

When someone can get the infection even though they are vaccinated.

Sumulong na impeksyon

Kung ang isang tao ay mahawahan kahit nang sila ay bakunado.



C

Coalition for Epidemic Preparedness Innovations (CEPI)

An international organisation that will help many countries gain access to COVID-19 vaccines. It will help governments, including lower income countries, to access safe and effective vaccines for 20% of their population.

Ang Koalisyon para sa Makabagong Epidemikong Paghahanda (CEPI)

Isang pang-internasyonal na samahan na tutulong sa mga bansang makakuha ng mga bakunang laban sa COVID-19. Tutulong sa mga gobyerno, kabilang ang mga bansang mas mababa ang kita, sa pagkuha ng ligtas at mabisang bakuna para sa 20% ng kanilang populasyon.

Cell culture

Using cells grown in liquid to make vaccine ingredients.

Kulturang Selula

Paggamit ng mga selula na pinalaki sa likido upang makagawa ng mga sangkap ng bakuna.

Clinical Trial

A type of research study. People either receive a new vaccine or are in the control group. The control group may receive a different vaccine or a placebo, meaning a simple substance with no effects on the body. Participants usually do not know which group they are in. Scientists test the safety and benefits of new vaccines.

Klinikal na Pagsubok

Isang uri ng pag-aaral sa pananaliksik. Ang mga tao ay maaaring makatanggap ng bagong bakuna o nasa kontrol na grupo. Ang grupong nakontrol ay maaaring makatanggap ng ibang bakuna o isang plasebo, nangangahulugang isang simpleng sangkap na walang epekto sa katawan. Karaniwang hindi alam ng mga kalahok kung aling pangkat sila napapaloob. Susubukan ng mga siyentista ang kaligtasan at mga benepisyo ng mga bagong bakuna.

Co-administration

To be given more than one vaccine on the same day.

Co-administration

Kung mabigyan ng mahigit isang bakuna sa araw ding iyon.

Cold chain

Shipping and storing vaccines at the correct temperature.

Malamig na kadena

Pagpapadala at pag-iimbak ng mga bakuna sa tamang temperatura.

Combination vaccine

Combination vaccines take two or more vaccines that could be given individually and put them into one shot.

Kombinasyong sBakuna

Ang mga kombinasyong bakuna ay kumukuha ng dalawa o higit pang mga bakuna na maaaring ibigay nang paisa-isa at inilagay ito sa isang pagturok

Convalescent plasma

Plasma is the liquid part of blood. It is collected from a person after they have had an infection. The liquid contains antibodies against the germ. Sometimes this plasma can be given to other people to prevent them getting sick or to help them get better.

Convalescent plasma

Ang Plasma ay ang likidong bahagi ng dugo. Kinokolekta ito mula sa isang tao pagkatapos na magkaroon sila ng impeksyon. Ang likido ay naglalaman ng mga antibodies laban sa mikrobyo. Minsan ang plasma na ito ay maaaring ibigay sa ibang mga tao upang maiwasan silang magkasakit o upang matulungan silang gumaling.



C *Cont'd*

Conjugate vaccine

The joining together of two compounds (usually a protein and polysaccharide) to increase a vaccine's effectiveness.

Bakuna na pinagsama-sama ang mga sangkap

Ang pagsasama-sama ng dalawang grupo ng kemikal (karaniwang isang protina at polysaccharide) upang madagdagan ang bisa ng isang bakuna.

Control group

A group of people who do not receive the vaccine or drug being tested. Instead, they may get the normal intervention (drug, vaccine, or treatment), a placebo or nothing. The aim of the trial is to compare what happens in each group. The results must be different enough between the two groups to prove that the difference has not just occurred by chance.

A placebo is a 'dummy' treatment, such as a sugar pill, that looks the same.

Pangkat na kontrolado

Isang pangkat ng mga tao na hindi tatanggap ng bakuna o sinusubukang gamot. Sa halip, maaari silang makakuha ng normal na pag-aayos (gamot, bakuna, o paggamot), isang placebo o wala. Ang layunin ng pagsubok ay upang ihambing kung ano ang nangyayari sa bawat pangkat. Ang mga resulta ay dapat na magkakaiba sa pagitan ng dalawang pangkat upang mapatunayan na ang pagkakaiba ay hindi lamang naganap nang hindi sinasadya.

Ang isang placebo ay isang hindi totoong gamot, tulad ng isang asukal na tableta, na pareho ang hitsura sa totoong gamot.

Contraindication

An illness (or health condition) that increases the risk for a serious adverse health consequence.

Kontra- paggamot

Isang sakit (o kalagayan ng kalusugan) na nagpapalaki ng peligro para magkaroon ng isang grabe at masamang epekto sa kalusugan.

COVAX

An international partnership that aims to support the development and delivery of the COVID-19 vaccines fairly around the world.

COVAX

Isang pandaigdigang sosyohan na naghahangad na suportahan ang pagpapaunlad at paghahatid ng mga bakuna laban sa COVID-19 sa buong mundo.



D

Deltoid

A muscle in the upper arm where vaccine is given.

Tatlong sulok

Ang kalamnan sa itaas na bahagi ng braso kung saan ituturok ang bakuna.

Dose

An amount of a medicine or drug taken.

Dosis

Ang kadami ng isang medisina o gamot na tatanggapin.

Dose/vaccination schedule

A list of times to have vaccines throughout your life.

Iskedyul ng dosis/pagbabakuna

Isang listahan ng mga araw na magpabakuna sa kabuuan ng iyong buhay.

Dosing error

When medicines are given in the wrong amount, at the wrong time point or to the wrong person.

Pagkakamali sa dosis

Kung ang mga gamot ay ibinigay sa maling kadami, sa maling punto ng oras o sa maling tao.



E

Efficacy How well a vaccine works during a research study.	Pagka-epektibo Gaano kahusay gumana ang isang bakuna noong nasa panahon ng pagsasaliksik
Effectiveness How well a vaccine works in the real world.	Pagkamabisa Kung gaano kahusay gumana ang isang bakuna sa totoong mundo
Endemic When there are low levels of a disease in a town, city or country.	Lokal (Endemic) Kung mayroong mga mababang antas ng isang sakit sa isang bayan, lungsod o bansa.
Epidemic A widespread amount or rapid increase of an infectious disease in a community at a particular time. More cases than normal.	Epidemya Isang malaganap na dami o mabilis na pagdami ng isang nakakahawang sakit sa isang pamayanan sa isang partikular na oras. Mas maraming mga kaso kaysa sa normal.
Epidemiology The study of how often diseases occur in different groups of people and why.	Pag-aaral ng epidemya/sakit (Epidemiology) Ang pag-aaral kung gaano kadalas nagkakasakit ang iba't-ibang mga grupo ng tao at ang mga dahilan.
Elimination of infection Zero cases of an infection in a specified geographic area (i.e. a country). Example: Measles in Australia.	Pag-aalis ng impeksyon Kawalan ng kaso ng impeksyon sa isang tinukoy na lugar na pangheograpiya (hal. isang bansa). Halimbawa: Mga tigdas sa Australya.
Eradication Zero cases of the germ in the entire world. Example: Smallpox.	Pagpuksa Wala nang kaso ng mikrobyo sa buong mundo. Halimbawa: Bulutong-tubig
Extensive limb swelling When the arms or legs of a person become larger than normal, sometimes twice the normal size, with or without redness, close to where the vaccine was given.	Malaking pamamaga ng mga braso o binti Kapag ang mga braso o binti ng isang tao ay naging mas malaki kaysa sa normal, minsan doble sa normal na laki, na mayroon o walang pamumula, na malapit sa pinag-iniksyunan ng bakuna.



G

Guillain-Barré syndrome

A rare event where a person's immune system attacks the nerves and can cause muscle weakness, numbness or not being able to move part or most of the body.

Guillain-Barré syndrome

Isang bihirang pangyayari kung saan ang sistema ng panangga sa sakit ng isang tao ay aatake sa sistema ng nerbiyos at maaaring magdulot ng kahinaan ng kalamnan, pamamanhid o hindi maigalaw ang ilan o karamihang bahagi ng katawan.



H

Herd immunity

When most people in a community have protection against an infection. High levels of protection make it more and more difficult for the germ to pass from person to person. This can successfully stop the spread of disease in the community.

Kaligtasan ng marami

Kapag ang karamihan sa mga tao ng isang pamayanan ay may proteksyon laban sa isang impeksyon. Ang mataas na antas ng proteksyon ay ginagawang mas mahirap para sa mikrobyo na kumalat mula sa bawat tao. Matagumpay nitong mapapatigil ang pagkalat ng sakit sa pamayanan.



I

Immune system

The body's system for identifying and killing germs to protect us against infection and disease. It involves making antibodies that move in the blood, recognize foreign substances like bacteria and viruses, and attach to them. It signals to the body to get rid of the foreign substances.

Sistema ng kaligtasan sa sakit

Ang sistema ng katawan para sa pagkilala at pagpatay sa mga mikrobyo upang maprotektahan tayo laban sa impeksyon at sakit. Nagsasangkot ito ng paggawa ng mga antibodies na gumagalaw sa dugo, kinikilala ang mga banyagang sangkap tulad ng bakteryang at mga virus, at kumakabit sa kanila. Nagsesenyas ito sa katawan upang tanggalin ang mga banyagang sangkap.

Immune response

The immune response is how your body recognizes and defends itself against bacteria, viruses, and substances that appear foreign and harmful.

Nakasanayang pagtugon

Ang tugon sa may kabal ay kung paano kinikilala at ipinagtanggol ng iyong katawan ang sarili laban sa bakteryang, mga mikrobyo, at mga sangkap na lilitaw na banyaga at nakakapinsala.

Immune thrombocytopenia purpura (ITP)

A rare event where a person's immune system destroys the blood clotting cells. This results in a person's blood not being able to clot as it should.

Immune thrombocytopenia purpura (ITP)

Isang bihirang pangyayari kung saan ang sistema ng panangga sa sakit ng isang tao ay sisira sa mga selyulang nagpapabuo sa dugo. Nagresulta ito sa hindi pamumuo ng dugo ng isang tao na katulad sana nang normal.

Immunity

Being able to avoid getting sick or avoid getting infected when exposed to a germ. Your body builds this immunity by either being exposed to the germs or by getting a vaccine. Your immune system has a "memory" - it can remember germs that it has seen previously and knows how to attack them.

Kaligtasan sa sakit

Kakayahang makaiwas magkasakit o maiwasan na mahawahan kapag nalantad sa isang mikrobyo. Binubuo ng iyong katawan ang may kabal sa sakit sa pamamagitan ng alinman sa pagkakalantad sa mga mikrobyo o sa pamamagitan ng pagkabakuna. Ang iyong sistemang may kabal ay may "memorya" - maaalala nito ang mga mikrobyo na dati nitong nakita at alam na kung paano ito lalabanan.

Immunisation

The process of developing immunity to an infection, usually by getting vaccinated.

Pagbabakuna

Ang proseso ng pagbuo ng may kabal sa sakit sa isang impeksyon, karaniwang sa pamamagitan ng pagbabakuna.

Immunocompromised

Someone whose immune system may not be able to fight off an illness as well as other people. There are several illnesses that can cause someone to become immunocompromised.

Mahina ang resistensya sa sakit (naturalesa)

Ang taong may mahina ang resistensya ng katawan laban sa sakit kumpara sa ibang mga tao. May maraming mga sakit na magiging sanhi ng pagkakumpromiso ng naturalesa ng tao.



Cont'd

<p>Immunogenicity The power of a substance to produce an immune response. The substance can be present in a vaccine.</p>	<p>Immunogenicity Ang kakayahan ng isang sangkap na gumawa ng isang panangga sa sakit. Ang sangkap ay maaaring isama sa bakuna.</p>
<p>Inactivated vaccine A vaccine made from a germ that has been killed. The germ is killed either by high heat or by chemicals. When this killed germ is injected into your body, it helps your immune system learn to find the germ, without the risk of getting sick.</p>	<p>Di-aktibong bakuna Isang bakunang ginawa mula sa isang mikrobyo na pinatay. Ang mikrobyo ay pinatay alinman sa mataas na init o ng mga kemikal. Kapag ang pinatay na mikrobyo na ito ay ininiksyon sa iyong katawan, makakatulong ito sa iyong immune system na malaman saan hahanapin ang mikrobyo, nang walang panganib na magkasakit.</p>
<p>Incidence Incidence can mean the number of new disease cases in a town, city, state or country or the number of new cases in a particular group of people over a certain amount of time.</p>	<p>Insidente Ang insidente ay maaaring mangangahulugan sa bilang ng mga bagong kaso ng sakit sa isang bayan, lungsod, estado o bansa o ang bilang ng mga bagong kaso sa isang partikular na grupo ng tao sa loob ng natukoy na panahon.</p>
<p>Infection When a germ (bacteria or virus) enters the body. If the body cannot fight the growth of germs, it may cause disease.</p>	<p>Impeksyon Kung ang isang mikrobyo (bakteria o virus) ay pumasok sa katawan. Kung hindi kayang labanan ng katawan ang pagdami ng mga mikrobyo, maaaring hahantong ito sa pagkakasakit.</p>
<p>Injection site reaction The most common side-effects after a vaccine. This can include pain, itching, swelling or redness around the site of injection. These are usually mild and last for 1–2 days.</p>	<p>Reaksyon sa lugar na pinag-iniksyunan Ang pinakapangkaramihang side-effect pagkatapos mabakunahan. Maaaring kasama rito ang kirot, pangangati, pamamaga o pamumula sa pinagtusukan ng iniksyon. Ang mga ito ay kadalasang banayad at magtatagal ng 1–2 araw.</p>
<p>Intramuscular injection Where the vaccine is given into the muscle.</p>	<p>Iniksyon sa kalamnan (intramuscular injection) Ang bakuna ay itutusok sa may kalamnan.</p>



L

Lipid

Lipid is fat that is used to make a protective bubble around the mRNA in mRNA vaccines. mRNA is a type of small molecule. mRNA is very weak and breaks down quickly in the body if it is not protected. Once the mRNA is transported into the cell, it is broken down inside the cell.

Lipid

Ang lipid ay taba na ginagamit upang makagawa ng isang bolang proteksiyon sa paligid ng mRNA sa mga bakunang mRNA. Ang mRNA ay isang uri ng maliit na molekula. Ang mRNA ay napakahina at mabilis na nasisira sa katawan kung hindi ito protektado. Kapag ang mRNA ay naipasok na sa selula, nasisira na ito sa loob ng selula.

Live vaccine

The vaccine uses a live form of the bacterium/virus that may be weakened.

Buhay na bakuna

Ang bakuna ay naglalaman ng buhay na porma ng bakteria/virus na maaaring pinahina.

Long-COVID (also known as post-covid condition)

When people with COVID-19 have symptoms for two months or more. Common symptoms include feeling tired, shortness of breath, memory problems, and others. These symptoms can affect the person's daily functioning.

Long-COVID (kilala rin bilang post-covid condition)

Kung ang taong may COVID-19 ay may mga sintomas na nagtatagal ng dalawang buwan o mas mahigit. Ang kabilang sa mga kadalasang sintomas ay ang karamdaman ng pagkapagod, problema sa memorya, at iba pa. Itong mga sintomas ay maaaring nakaka-apekto sa pang-araw-araw na buhay ng isang tao.



M

Messenger RNA (mRNA)

A type of small molecule that your cells use as instructions to make protein. mRNA tells your cells how to put together a specific protein using building blocks (called amino acids). You have many millions of mRNA molecules in your body at any one time- all being used to make proteins.

Messenger RNA (mRNA)

Isang uri ng maliit na molekula na ginagamit ng iyong mga selula bilang mga tagubilin upang gumawa ng protina. Sinasabi ng mRNA sa iyong mga selula kung paano pagsamahin ang isang tukoy na protina gamit ang mga bloke ng pagbubuo (tinatawag na amino acid). Mayroon kang milyun-milyong mga mRNA Molekyul sa iyong katawan sa anumang oras - lahat ginagamit upang gumawa ng mga protina.

Minimum interval

The amount of time a person needs to leave between receiving their 1st and 2nd vaccines.

Pinakamalapit na pagitan

Ang kailangang agwat ng panahon sa pagitan ng una at pangalawang bakuna ng isang tao.

Mixed (heterologous) schedules

Sometimes a different mixture, brand or vaccine platform may be given for the second vaccine.

Mga halo-halong (heterologous) iskedyul

Kung minsan, may ibang halo, marka o plataporma ng bakuna ang maaaring gamitin para sa ikalawang bakuna.

mRNA vaccine

mRNA vaccines teach our cells how to make a harmless protein—or even just a piece of a protein. This protein activates an immune response inside our bodies. That immune response, which produces antibodies, is what protects us from getting very unwell if the real virus enters our bodies.

Bakuna sa mRNA

Ang mga bakunang mRNA ay nagtuturo sa ating mga selula kung paano gumawa ng isang hindi nakakapinsalang protina — o kahit na isang piraso lamang ng protina. Ang mga bakunang mRNA ay nagtuturo sa ating mga selula kung paano gumawa ng isang hindi nakakapinsalang protina — o kahit na isang piraso lamang ng protina. Itong protina ay nagpapa-andar ng pagtugon ng immune system sa loob ng ating mga katawan. Ang pagtugon sa resistensya na iyon, na gumagawa ng mga antibodies, ang siyang nagpoprotekta sa atin na hindi tayo magkakasakit ng husto kung ang tunay na virus ang makapasok sa ating mga katawan.

Morbidity

Illness that happens due to a specific infection or condition.

Sakit sa katawan

Sakit na nangyayari dahil sa isang tukoy na impeksyon o kundisyon.

Mortality

Deaths that happen due to a specific infection or condition.

Pagkamamatay

Mga pagkamatay na nangyari dahil sa isang tukoy na impeksyon o kundisyon.

Multi-dose vial

The containers (vials) hold more than one dose of a medicine or vaccine in a single vial.

Maramihang dosis na bote

Ang mga lalagyan (vial) ay nagtataglay ng higit sa isang dosis ng gamot o bakuna sa isang solong botelya.

Myocarditis

A disease where the heart muscle becomes inflamed.

Myocarditis

Isang sakit nang pamamaga ng kalamnan ng puso.



N

National Immunisation Programme (NIP)

The vaccines that are given for free in Australia to children, adolescents and adults.

Pambansang Programa ng Pagbabakuna (National Immunisation Program (NIP))

Ang mga bakuna ay ibibigay ng libre sa mga bata, kabataan at matatanda sa Australya.

Neutralisation

One way that our immune system can protect us from an infection. Our immune system makes antibodies that stick all over the surface of a virus. When the virus tries to stick onto our cells, the antibodies get in the way and stop the virus from getting into our cells. They also help other parts of the immune system recognise and destroy the virus

Nagiging walang epekto

Isang paraan upang maprotektahan ang ating immune system mula sa isang impeksyon. Gumagawa ang ating immune system ng mga antibodies na dumidikit sa boung pang-ibabaw na bahagi ng isang virus. Kapag ang virus ay sumusubok na dumikit sa ating mga selula ang mga antibodies ay humahara sa daanan at pipigilan ang virus na makapasok sa ating mga selyula. Tinutulungan din nila ang iba pang mga bahagi ng immune system na makilala at sirain ang virus.



O

Outbreak

When the number of disease cases is higher than what has previously happened in a city or country, or in a group of people or time of year.

Pagsiklab

Kung ang bilang ng mga kaso ng pagkakasakit sa isang lugar o grupo sa loob ng natukoy na panahon ay mas mataas kaysa nakaraan.



P

Pandemic

Spread of a new disease to every country around the world.

Pandemiya

Pagkalat ng isang bagong sakit sa bawat bansa sa buong mundo.

Paediatric inflammatory multisystem syndrome temporally associated with SARS-CoV-2 (PIMS-TS)

This is the name of a rare illness in some children after having COVID-19 where parts of the body becomes larger than normal.

Paediatric inflammatory multisystem syndrome temporally associated with SARS-CoV-2 (PIMS-TS)

Ito ang pangalan ng isang napakabihirang sakit sa ilang mga bata pagkatapos magkasakit ng COVID-19 kung saan may mga bahagi ng katawan na mas lumalaki kaysa normal.

Paraesthesia

A feeling in the skin that is not normal, like feeling something crawl under the skin or tingling or numbness.

Paraesthesia

Ang naramdaman sa balat na hindi normal, katulad nang parang may gumagapang na insekto sa loob ng balat o pangigingilig o pamamanhid.

Passive immunisation

Occurs when a person is given antibodies to a disease rather than producing them through his or her own immune system. Such as a newborn baby receiving antibodies from their mum.

Passive immunisation

Ito ay mangyayari kung ang isang tao ay bibigyan ng mga antibodies ng sakit kumpara sa paggawa ng mga ito sa pamamagitan ng kanyang sariling naturalesa. Halimbawa, ang mga bagong panganak na sanggol ay makakakuha ng mga antibodies mula sa kanilang ina.

Pathogen

A germ that can cause disease if you are infected, such as a virus.

Pathogen

Isang mikrobyo na maaaring maging sanhi ng sakit kung ikaw ay nahawahan, tulad ng isang virus.

Peer-review

Independent experts examine other people's research to make sure it is appropriate and correct.

Pagsusuri sa kapwa

Ang mga malayang eksperto ay magsusuri sa pagsasaliksik ng mga ibang tao upang matiyak na ito ay nababagay at tama.

Pericarditis

A disease where the lining of the heart muscle becomes inflamed.

Pericarditis

Isang sakit na ang panloob na taklop ng kalamnan ng puso ay namamaga.

Placebo

A substance or treatment that has no effect on human beings.

Placebo

Isang sangkap o paggamot na walang epekto sa mga tao.



P *Cont'd*

Polysaccharide vaccine

A vaccine containing long threads of sugar molecules, which look like the surface of some kinds of bacteria. Polysaccharide vaccines are available for pneumococcal disease (such as pneumonia).

Bakunang polysaccharide

Isang bakuna na naglalaman ng mahahabang mga mala-sinulid na mga molekula ng asukal, na kamukha ng pang-ibabaw na bahagi ng ilang mga uri ng bakterya. Magagamit ang mga bakunang polysaccharide para sa sakit na pneumococcal (na katulad ng pulmonya).

Post-market vaccine effectiveness studies (also known as 'real world' studies or Phase IV clinical trials)

These types of studies are used to see whether the approved vaccine works in the real world and to look for any side effects.

Ang mga pag-aaral ng pagkabisa ng mga bakuna (kilala din bilang 'real world' studies o Phase IV sa mga klinikal na pagsubok)

Itong mga uri ng pag-aaral ay ginagamit upang malaman kung ang mga aprobadong bakuna ay mahusay na gumagana sa totoong buhay at upang malaman ang mga side effect.

Pre-Clinical Trial

A research study done before a clinical trial. The study tests whether a vaccine is safe to test on humans. As part of the COVID-19 trials, animal models included experiments on animals including mice and macaques.

Bago Masubukan sa Tao

Isang pagsasaliksik na ginawa bago pa ginawa ang isang klinikal na pagsubok. Sinusuri ng pag-aaral kung ligtas ang isang bakuna upang subukan sa mga tao. Bilang bahagi ng COVID-19 na pagsubok, ang mga modelo na hayop ay kinabibilangan ng mga eksperimento sa mga hayop kabilang ang mga daga at macaque.

Prevalence

The total number of people in a population that have a disease at a certain time.

Paglaganap

Ang kabuuang bilang ng mga tao sa isang lugar na may sakit sa natukoy na oras.

Primary course

The number of vaccines it takes to achieve a good level of protection against disease.

Pangunahing kurso

Ang bilang ng mga bakuna na kailangan upang makamit ang tamang lebel ng proteksyon laban sa sakit.

Prime

The first time a vaccine is given.

Prime

Sa unang pagkakataon na ibinigay ang isang bakuna

Protein subunit vaccine

Include harmless pieces (proteins) of the germ instead of the entire germ. Once vaccinated, our bodies recognize that the protein should not be there and build blood elements called T-lymphocytes and antibodies that will remember how to fight the germ if we are exposed in the future.

Bakuna sa sub-unit ng protina

Kabilang ang mga hindi nakakasamang mga piraso (protina) ng mikrobyo sa halip na ang buong mikrobyo. Sa sandaling nabakunahan, kinikilala ng ating mga katawan na ang protina ay hindi dapat naroroon at bumuo ng mga elemento ng dugo na tinatawag na T-lymphocytes at mga antibodies na makakaalala kung paano labanan ang mikrobyo kung malantad tayo sa hinaharap.



R

Roll out

The introduction of a new drug or vaccine. For the COVID-19 vaccination program this includes multiple phases: 1a, 1b, 2a, 2b, 3. Priority groups are identified by considering current public health and medical evidence on who would be most affected if they got COVID-19.

Paglulunsad

Ang pagpapakilala ng isang bagong gamot o bakuna. Sa pagbabakuna laban sa COVID-19, kabilang dito ang maraming yugto: 1a, 1b, 2a, 2b, 3. Ang mga prayoridad na grupo ay tinukoy sa pagsasaalang-alang ng pinakabagong ebidensya ng pampublikong kalusugan at paggagamot kung sino ang pinakanaaapektuhan kung sila ay magka COVID-19.

Reactogenicity

A group of effects that often happen after vaccination. It can include pain, redness or swelling around where the vaccine was injected. A person might feel tired, or hot or have a headache. Importantly, these are signs that an immune response is working.

Reactogenicity

Ang pangkat ng mga epekto na nagyayari pagkatapos ng pagkabakuna. Maaari itong isama ang sakit, pamumula o pamamaga sa paligid kung saan ininiksyon ang bakuna. Ang isang tao ay maaaring makaramdam ng pagkapagod, o mainit o sakit ng ulo. Mahalaga nito, ito ang mga palatandaan na gumagana ang kabal laban sa sakit.

Regulatory body

A government organisation that decides which vaccines can be registered in a country and legally used in the country.

Ahensyang kumontrol

Isang samahan ng gobyerno na magpapasya kung aling mga bakuna ang maaaring mairehistro sa isang bansa at ligal na magamit sa bansa.



S

SARS-CoV-2

The official name of the virus that causes the disease known as COVID-19. It belongs to family of viruses called coronaviruses.

SARS-CoV-2

Ang opisyal na pangalan ng virus na sanhi ng sakit na kilala bilang COVID-19. Ito ay nabibilang sa pamilya ng mga virus na tinatawag na coronavirus.

Spike protein

Coronaviruses have sharp bumps on their surface. Those bumps are called spike proteins. They help the virus enter a person's cells.

Spike protein

Ang mga coronavirus ay may matalim na mga paga sa kanilang ibabaw. Ang mga paga na iyon ay tinatawag na spike protein. Tinutulungan nila na ipasok ang virus sa mga selula ng isang tao.

Serology

Measuring the level of antibodies (immune proteins) present in the blood.

Serolohiya

Pagsukat sa antas ng mga antibodies (mga di-tinatablang protina) na naroroon sa dugo.

Side Effect

Any unwanted or unexpected effects of a vaccine.

Pangalawang Epekto

Anumang mga hindi kanais-nais o hindi inaasahang epekto ng isang bakuna.



T

Therapeutic Goods Administration (TGA)

The Therapeutic Goods Administration (TGA) is responsible for checking vaccines and other medicines before they can be used in Australia.

Therapeutic Goods Administration (TGA)

Ang Therapeutic Goods Administration (TGA) ay responsable para sa pagsusuri ng mga bakuna at iba pang mga gamot bago sila magamit sa Australia.

Thrombosis with thrombocytopenia syndrome (TTS)

A newly described serious condition. A person gets unusual blood clots in the brain or in other parts of the body. It is also associated with low platelet levels.

Thrombosis na may thrombocytopenia syndrome (TTS)

Isang bagong inilarawan na seryosong kondisyon. Ang isang tao ay nakakakuha ng mga hindi pangkaraniwang pamumuo ng dugo sa utak o sa iba pang mga bahagi ng katawan. Nauugnay din ito sa mababang antas ng platelet.

Transmission

The ability of a virus to pass from one person to another.

Transmisyon

Ang kakayahang ng isang virus na sumalin mula sa isang tao patungo sa isa pa.



V

Vaccine

A type of medicine that supports our immune system to fight against certain germs and prevent disease. Usually, vaccines are given before the person encounters the germ. Each vaccine promotes the immune system to make antibodies against the germ.

Bakuna

Isang uri ng gamot na sumusuporta sa ating immune system upang lumaban laban sa ilang mga mikrobyo at maiwasan ang sakit. Karaniwan, ang mga bakuna ay ibinibigay bago pa makatagpo ng tao ang mikrobyo. Ang bawat bakuna ay nagtataguyod sa immune system upang gumawa ng mga antibodies laban sa mikrobyo.

Vaccination

Giving a vaccine to help the immune system develop protection from a specific disease. Commonly used terms include shot, jab, needle, and inoculation.

Pagbabakuna

Pagbibigay ng bakuna upang matulungan ang immune system na magkaroon ng proteksyon mula sa isang tukoy na sakit. Kasama sa mga karaniwang kataga na ginagamit ang shot, jab, needle, at inoculation.

Vaccine Candidate

A new vaccine that is still being tested and is not licensed.

Kandidato sa Bakuna

Isang bagong bakuna na sinusubukan pa rin at hindi lisensyado.

Vaccine hesitancy

When a person is unsure about a vaccine and delays or refuses to receive the available vaccine.

Pag-aalangan sa bakuna

Kapag ang isang tao ay hindi sigurado tungkol sa isang bakuna at naantala o tumanggi na tanggapin ang magagamit na bakuna.

Variant (mutation)

Tiny changes in the genetic information inside a virus. Variants can occur when a virus multiplies or makes copies of itself.

Variant (mutation)

Maliliit na pagbabago sa impormasyong genetiko sa loob ng isang virus. Ang mga variant ay maaaring mangyari kapag ang isang virus ay dumami o gumawa ng mga kopya mismo.

Vial

A small container used to hold medicine.

Lalagyan

Isang maliit na lalagyan na ginamit upang maghawak ng gamot.

Viral vector vaccine

Contains a modified version of a different virus from the one that causes COVID-19. Inside the modified virus, there is material from the virus that causes COVID-19. This is called a “viral vector.” Once the viral vector is inside our cells, the genetic material gives cells instructions to make a protein that is unique to the virus that causes COVID-19. Using these instructions, our cells make copies of the protein. This prompts our bodies to build T-lymphocytes and B-lymphocytes that will remember how to fight that virus if we are infected in the future.

Bakuna sa viral vector

Naglalaman ng isang nabagong bersyon ng isang iba't ibang mga virus mula sa isa na nagsanhi ng COVID-19. Sa loob ng binagong virus, mayroong materyal mula sa virus na nagsasanhi ng COVID-19. Tinawag itong isang “viral vector.” Kapag ang viral vector ay nasa loob ng ating mga selula, ang materyal na genetiko ay nagbibigay sa mga selula ng mga tagubilin na gumawa ng isang protina na natatangi sa virus na nagsasanhi ng COVID-19. Gamit ang mga tagubiling ito, gumagawa ang ating mga selula ng mga kopya ng protina. Ito ang nag-uudyok sa ating mga katawan na bumuo ng mga T-lymphocytes at B-lymphocytes na maaalala kung paano lalaban ang virus kung nahawahan tayo sa hinaharap.



V *Cont'd*

Viral shedding

When the virus made inside your body starts to be released into your surroundings. At that point, it may be spread or passed on to other people.

Pagkalat ng virus

Kapag ang virus na ginawa sa loob ng iyong katawan ay nagsisimulang mailabas sa iyong paligid. Sa puntong iyon, maaari itong kumalat o maipasa sa ibang mga tao.



W

Waning immunity

When your level of immunity gets lower and lower with time.

Panghihina ng kaligtasan laban sa sakit

Kung ang inyong lebel ng pagka-may kabal laban sa sakit ay patuloy na nanghihina sa katagalan.